

GSMA

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills





Maiikling Pagsasanay:

WhatsApp

Module 2: WhatsApp

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills



Ano ito?




Ipakita ang WhatsApp sa telepono.


Ipaliwanag: “Ang WhatsApp ay isang serbisyo para sa pagpapadala ng mensahe, kagaya ng SMS, namaaari ka ring magpadala ng voice messages, mga larawan, at magpadala ng mensahe sa mga grupo.”

“Ang WhatsApp ay gumagamit ng internet data kaya mas murang magpadala ng mensahe, at hindi naapektohan ng layo ng kausap ang halaga ng pagpapadala. Halimbawa, kung may kamag-anak o kaibigan ka na lumipat sa ibang bansa, maaari mo silang i-message sa WhatsApp at hindi ito magkakaroon ng karagdagang gastos—na parang nagpadala ka lang ng mensahe sa kapitbahay mo.”

Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone



Mga poster ng WhatsApp



Ano ang maaari mong paggamitan nito?

“Magagamit mo ito para madaling makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng video o voice calls, pati na rin ang pagpapadala ng mensahe, voice notes, larawan, o video.”

“Magagamit mo rin ito para kumonekta sa malalaking grupo ng mga katrabaho, empleyado, kaklase, customer, o savings group: para mag-advertise ng mga produkto, magbahagi ng mga payo, magtulungan sa negosyo, o magdiskusyon ng mga tala o mga takdang-aralin mula sa klase.”

Ibahagi ang sarili mong mga halimbawa sa mga trainee tungkol sa mga benepisyo ng WhatsApp at kung paano mo ito ginagamit.



Ano ang maaari mong paggamitan nito?

Gawin itong makabuluhan sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

Matatanda: Magpadala at makatanggap ng mga mensahe para magbahagi o tumanggap ng mga update sa buhay ng pamilya; maghanap ng impormasyon tungkol sa kalusugan sa internet.

Ina o maybahay: Makipag-ugnayan sa health workers; manatiling konektado sa mga kaibigan at pamilya; sumali sa mga grupong para sa mga ina.

May-ari ng negosyo: Sumali sa mga grupo ng mga negosyante upang magbahagi ng mga payo; i-promote ang iyong mga produkto o serbisyo; magbenta sa mga customer; ipaalam sa kanila ang tungkol sa iyong mga bagong produkto.


Magsasaka o mga tao sa kanayunan: Sumali sa mga grupo ng magsasaka; kumonekta sa mga mamimili at ibang mga magsasaka; ipaalam sa mga mamimili ang tungkol sa produkto na ibinebenta.

Kabataan: Manatiling konektado sa mga kaibigan, sumali sa mga grupong may kinalaman sa paaralan, sports, o mga oportunidad na makakuha ng trabaho.




Paano ito gumagana?

Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.



Paano gamitin ang WhatsApp - One-to-one na pag-message

Ipakita ang poster at isa-isahin ang mga hakbang sa pagpapadala ng text, larawan, at mensahe gamit ang boses.



Paano gamitin ang WhatsApp - Pag-message sa isang grupo

Ipakita ang poster at isa-isahin ang mga hakbang sa pagsisimula ng group chat.



Magsanay!

“Ngayon na alam mo na kung paano gamitin ang WhatsApp, para saan mo ito gustong gamitin?”

Trainer: Tulungan ang trainee na magpadala ng mga mensahe sa WhatsApp sa mga kontak sa kanilang telepono na nais nilang kausapin.

Tip: “Maraming gamit o features ang WhatsApp. Halimbawa, maaari kang tumawag o ibahagi ang iyong lokasyon sa mapa para malaman ng mga contact mo kung nasaan ka.”

Ipaliwanag na may mga katulad na messaging services ang WhatsApp. Katulad ng Messenger, WeChat, Telegram, at Viber.



Kaligtasan

Tandaan, maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang sinoman sa WhatsApp. Huwag magbahagi ng personal na impormasyon tulad ng iyong mobile banking details, address, o iba pang personal na impormasyon sa WhatsApp maliban kung kilala mo ang taong kausap.



Ipakita ang poster ng ‘Importanteng tips para manatiling ligtas online.’

Talakayin sa mga trainee kung ano ang ibig sabihin ng mga mungkahing ito kapag ginagamit ang WhatsApp.

Gamitin ang mga makatotohanan at praktikal na halimbawa para sa iyong trainee tungkol sa tips na ito. Halimbawa, maaaring nag-aalala ang ilang mga tao tungkol sa mga scammer na gumagamit ng WhatsApp, habang may mga kababaihan na mas iniisip kung paano makaiwas sa pambabastos o harassment.



Maiikling Pagsasanay:

WhatsApp

Mga Poster at Mga Cut-Out

Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills



Importanteng tips para manatiling ligtas online

Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.



Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.



Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.



Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.



Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.



Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.








Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo

Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.




Mga Gastos sa Data




One-to-one na pag-message


1




2





3




4




5




1



2




3




Paano mag-block



1





2



3



4





Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp



Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp





Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp



Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp





Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp



Mga Cut Out ng Icon

WhatsApp

